

Check 2 Paglikha ng Ligtas na Kapaligiran sa Loob ng Tahanan

Aming ipakikilala ang ilang paraan para sa pagiwassa aksidente na madaling gawin sa loob ng tahanan. Mahalaga na lumikha ng ligtas na kapaligiran hanggang sa maging 3 taong gulang ang anak.

Maliit na bagay na kayang gawin



Maglagay ng mga istiker na pangontra sa dulas sa bathtub at iba pa

Gumamit ng mat o kaya istiker upang hindi maging madulas ang lugar ng banlawan at sa loob ng bathtub dahil madulas ang mga ito kapag basa.



Kapag nagsimula nang gumapang, maglagay ng harang

Kapag nagsimula nang gumapang ang bata lahat ng lugar sa loob ng bahay ay pupuntahan niyang mag-isa. Lagyan ng harang ang hagdanan at kusina para hindi niya mapuntahan.



Iwasan na maipit ang kamay sa pinto

May mga batang nabaliang buto dahil sa mahilig silang maglagay ng kanilang daliri sa mga lugar na may pagitan. Gumamit ng pakete ng gatas para maiwasan na sila ay maipit.



Gumawa ng paraan para hindi makalapit sa heater

Maglagay ng pangharang at iba pa sa heater para hindi sila makalapit. Kung magpapalit ng heater, mas ligtas kung ang bibilhin ay thermal type tulad ng oil heater at iba pa.



Ang mga pamamaraang ito ay makikita sa eksibisyon ng Jiko Yobou House ng Shoni Hoken Iryo Sogo Center. Mangyaring makipag-ugnayan sa Health Room kung nais ninyong pumunta para mag-observa.

Check 3

Mag-ingat dito!



Checklist ng 8 paraan sa pag-iwassa aksidente

- Aksidenteng pagkalunok/pagkasulasok:** kumpirmahin gamit ang checker sa pagkalunok, ilagay ang mga bagay na mas maliit sa sukat na 39 milimetro sa lugar na may taas na higit pa sa 1 metro mula sa sahig
- Bronchial foreign bodies:** huwag pakainin ng tuyong mani ang bata hanggang sa siya ay maging 3 taong gulang
- Pagpigil na mahulog mula sa hagdan:** maglagay ng harang upang hindi mahulog
- Pagpigil na mahulog mula sa beranda:** huwag maglalagay ng bagay na maaaring gawing tuntungan (planter, bungkos ng pinagpatung-patong na mga dyaryo at iba pa)
- Pagkalunod sa bathtub:** huwag mag-iwan ng tubig, maglagay ng harang upang hindi madaling makapasok sa paliguan
- Pagkapaso:** Pagseset ng temperatura ng mainit na tubig, ilayo ang mga bagay na pinagmumulan ng init, mag-ingat sa mga paputok
- Aksidente sa sasakyan:** gumamit ng child seat, huwag pabayaang mag-isa ang sanggol sa loob ng sasakyan
- Aksidente sa bisikleta:** magsuot ng helmet, maglagay ng proteksyon sa paa, paraan ng pagsakay sa bisikleta

★Pagtuturo tungkol sa pag-iwassa aksidente ng mga bata★

Nilalaman

Personal na karanasan sa mga paraan ng pag-iwassa aksidente at aktuwal na pagsasanay sa resusitasyon at iba pa, na isinasagawa sa "Jiko Yobou House"

Araw at Oras

Ika-3 Sabado
Simula 10 n.u.

Lugar

Aichi Shoni Hoken Iryo Sogo Center
Jiko Yobou House (1F Atrium)

Kung nais sumali

Tumawag sa Health Room ng Aichi Shoni Hoken Iryo Sogo Center.

Kailangan ng reserbasyon

Telepono 0562-43-0500 (trunk line) Ext. 4042

Hihintayin namingang inyong pagsali



3 Pagsusuri upang mapangalagaan ang mahalagang ngiti

Pag-iwas sa aksidente ng mga bata Ano ang magagawa natin



Ang pag-aakala dati ay "ganap na hindi kayang tantiyahin" ang aksidente, ngunit kailan lamang ay napag-alaman na maraming mga aksidente tungkol sa mga bata ay maaaring maiwasannamangyari.

Mga kayang gawin upang mapigilan ang aksidente ng mga bata = Lumikha ng kapaligiran na ligtas at sigurado kahit na hindi palaging nakatinginang magulang

Ano ang ating magagawa upang protektahanmula sa aksidente ang ating anak? Sama-sama nating pag-isipan.

Pinagsunod-sunod na antas ng sanhi ng pagkamatay ayon sa edad - Prepektura ng Aichi (kabuuang bilang mula taong 2009 hanggang 2013)

Edad	Ika-1		Ika-2		Ika-3		Ika-4		Ika-5	
	Sanhi ng kamatayan	Bilang ng namatay Bahagdan	Sanhi ng kamatayan	Bilang ng namatay Bahagdan	Sanhi ng kamatayan	Bilang ng namatay Bahagdan	Sanhi ng kamatayan	Bilang ng namatay Bahagdan	Sanhi ng kamatayan	Bilang ng namatay Bahagdan
0 taong gulang	Congenital na abnormalidad, depormidad at pagkasira ng kromosoma	302 38.4%	Partikular na diperensya sa paghinga at diperensyang kardiobaskular bago manganak	109 13.9%	Hindi inaasahang aksidente	43 5.5%	Sakit sa puso	35 4.4%	Sindrom ng biglaang pagkamatay ng sanggol	32 4.1%
1-4 na taong gulang	Congenital na abnormalidad, depormidad at pagkasira ng kromosoma	63 22.3%	Hindi inaasahang aksidente	41 14.5%	Malignantna tumor	25 8.8%	Pulmonya	20 7.1%	Impeksyon sa bituka	16 5.7%
5-9 na taong gulang	Hindi inaasahang aksidente	42 26.8%	Malignantna tumor	31 19.7%	Iba pang tumor	9 5.7%	Sakit sa puso		8 5.1%	
10-14 na taong gulang	Hindi inaasahang aksidente	37 20.0%	Malignantna tumor	36 19.5%	Pagpapakamatay	25 13.5%	Sakit sa puso	14 7.6%	Iba pang tumor	7 3.8%

Sa prepektura ng Aichi, isa sa mga nangungunang 3 sanhi ng pagkamatay ng anumang edad ng bata (0 hanggang 14 na taong gulang) ay mga aksidenteng hindi inaasahan.

Sa ating bansa sa kasalukuyan, isang suliraning kailangang-kailangang isagawa ay ang pag-iwassa aksidente ng mga bata, kahit na sa plano ng national movement ng kalusugan para sa ina at anak na "Malusog na mga Magulang at mga Anak 21 (ika-2)" at "Aichi Hagumin Plan 2015-2019" na komprehensibong plano ng prepektura ng Aichi tungkol sa mga bata / pagpapalaki sa mga bata kaugnay sa ika-21 siglo, ay binabanggit din "Pag-iwas sa aksidente ng mga bata".


Ang mga hindi inaasahang aksidente ay nagtatago sa mga lugar na ito

Ngayon, tingnan ang paligid ng iyong anak na nasa harapan mo. Dito ay ipakikilala namin kung saan nagtatago ang mga hindi inaasahang aksidente ayon sa edad at sitwasyon. Lalo na sa loob ng tahanan at sa kapaligiran na nakapalibot sa tahanan, ating pag-aralan kung saan at anong aksidente ang madaling mangyari. Sa mga unang yugto ng pagiging sanggol o pagiging bata, kailangan na lumikha ang magulang o pamilya ng isang ligtas na kapaligiran. Sabay sa paglaki kapag unti-unti nang nakakaunawa ng kung ano ang mapanganib, mahalaga na paulit-ulit silang turuan ng halaga ng kaligtasan.

Hanggang 1 taong gulang

(panahon na natututong tumayo at kumapit mula nang matutong bumaligatad)

Madalas ang aksidente sa sala hanggang 1 taong gulang!!



Kailangan na mag-ingat lalo na sa mga aksidente ng pagkalunok o pagkasulasok. Iligpit sa lugar na may taas na higit sa 1 metro ang mga bagay na mas maliit sa sukat na 39 milimetro upang hindi maabot ng mga bata. (gamot, make-up, sabon, barya, laruan, accessory, beans, kendi, tissue paper, plastic at iba pa)

Maraming aksidente ng pagkalunok ng sigarilyo


Panganib sa sala

Maraming aksidente ng pagkapaso sa kusina!

Maraming kagamitan ang nagdudulot ng init na dahilan ng pagkapaso. Maaaring lagyan ng harang ang kusina upang hindi madaling makapasok, ilagay sa mataas na lugar ang mga bagay na umiinit.

Panganib sa bathtub

Aksidente ng pagkalunok, Pagkapaso, Pagkalunod, Nahulog



Panganib sa hagdanan

Mataas ang antas ng panganib ng aksidente sa pagkalunod!

Huwag mag-iwan ng tubig sa bathtub kung may maliit na bata sa bahay, gumawa ng paraan upang hindi madaling makapasok sa paliguan. Posible ang aksidente ng pagkahulog mula sa hagdan kapag nagsimula nang gumapang. Maglagay ng harang sa paakyat at pababa ng hagdan.

Check 1


Hala! Hala! Maraming bagay ang Mapanganib!
Hindi inaasahang aksidente ayon sa edad



1 taon hanggang 3 taong gulang

(panahon na lakad nang lakad sa paligid)

Unti-unting lumalawak ang nilakaran, mula sa loob ng bahay hanggang sa labas, lumalawak din ang lugar namaaring mangyari aksidente. May mga aksidente sa loob ng bahay tulad ng pagkahulog mula sa bintana o berandao kaya naman ay ang pagkalunod sa paliguan. Huwag mag-iwan ng tubig sa bathtub, huwag pabayaang makalabas ang bata nang nag-iisa sa beranda, gumawa ng paraan tulad ng hindi paglalagay ng matututungan. Gayundin, huwag pabayaang magtatako ang bata habang may nakasubonachopsticks o tinidor, sipilyo at iba pa sa kaniyang bibig.



Maraming aksidente sa paradahan ng sasakyan o kaya ay habang nakasakay sa sasakyan. **Mahalaga na ugaliin ang pagpapaupo sa child seat katulad ngpagsuot ng seat belt para sa mga matatanda.**

Dumarami ang nasusugatan kapag tag-init habang naglalaro sa swimming pool o kaya naman ay sa paglalaro ng mga paputok. Kailangan na palaging may kasamang matanda, at ituro ang ligtas na paraan ng paglalaro.

3 taon hanggang mga 6 na taong gulang

(panahon na mayroon nang partisipasyon sa komunidad)

Panganib sa sasakyan

Aksidente sa trapiko, Nadapa, Nasugatan

Panganib sa kalsada/habang naglalakad

Aksidente sa trapiko, Nadapa, Nahulog


Panganib sa kalsada

Hindi lamang aksidente habang nakasakay sa sasakyan kundi maging ang biglaang pagtakbo sa kalye at iba pang aksidente ay dumarami kaya't mahalaga na ituro ang mga patakaran sa trapiko, at gabayan sila na magbisikleta sa lugar kung saan hindi dumadaan ang mga sasakyan.


Ituro sa kanila ang ligtas na paraan sa paglalaro ng mga gamit sa paglalaro, ang pagtatakdang patakaran sa paglalaro at ang pagpapatupad sa mga ito at iba pa ay mahalagang matutunan nila sa habang sila ay naglalaro. Huwag silang pagsuutin ng damit na may hood at huwag maglagay ng shoulder bag kapag naglalaro.

Dumarami ang pagkakataon ng paglalaro sa labas ng bahay kapag lumampas na sa 3 taong gulang.

May mga larong gumagamit ng mga kagamitan o kaya ay ang paggaya sa matatanda at iba pang nasa paligid nila ay nagiging laro lahat. Masyado silang nalilibang sa mga bagay na nasa harapan nila, ngunit hindi sapat ang kanilang kakayahan na humusga sa panganib.



Sanhi ng pagkamatay dahil sa hindi inaasahang aksidente ayon sa edad (Prepektura ng Aichi, taong 2009 hanggang 2013)



Kahit na sa prepektura ng Aichi, kung titingnan ang mga sanhi ng pagkamatay dahil sa hindi inaasahang aksidente, kapuna-puna na pinakamarami sa mga batang nasa 0 taong gulang ang pagkasulasok, at pagkalunod naman ang sa 1 hanggang 4 na taong gulang, at 5 hanggang 9 na taong gulang. Ang bilang ng namamatay sa aksidente sa trapiko ay dumarami kasabay sa pagtaas ng kanilang edad. Ang nasa likod nito ay ang mga pagbabago sa paraan ng pamumuhay ng mga bata na lumalawak kasabay ng kanilang edad. Para sa mga sanggol, mahalaga na mahadlangan ang mga aksidente sa loob ng tahanan.